




Republic of the Philippines
Department of Education
Region V (Bicol)
DIVISION OF CATANDUANES
Virac, Catanduanes

Email Add: catanduanes@deped.gov.ph/catanduanesdiv15@gmail.com
Website: www.depedrovcatanduanes.com Tel No.: (052)811-40-63



Hunyo 19, 2017

RELEASED

DepEd, Division of Catanduanes

RECORDS SECTION

Date JUL 19 2017

Time: 11:23 A.M.

Initial/Signature: [Signature]

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 126

PATIMPALAK SA PAGDIRIWANG NG WIKANG PAMBANSA

Sa mga: Tagamasid Pampurok
Prinsipal (Elementarya at Sekundarya)
Pampaaralan at Pandistritong Koordineytor sa Filipino

Kalakip nito ay Memorandum Panrehiyon Blg. 56 s. 2017 re: Panrehiyong Patimpalak sa Pagdiriwang ng Wikang Pambansa na magtatampok ng Tagisan ng Talento at Ulirang Guro, sa darating na Agosto 28, 2017 sa Rehiyon V na may temang Filipino: Wikang Mapagbago.

Kaugnay nito, ang Pandibisyong Patimpalak ay gaganapin sa Agosto 25, 2017 at ang mga magiging kalahok ay ang mga nagkamit lamang ng unang pwesto sa pang munisipal na patimpalak, elementarya at sekundarya. Ang tagisan ay nakatuon sa:

1. masining na pagkukwento, baitang 4;
2. monologo, baitang 9; at,
3. pagsulat ng dagli, baitang 11.

Hinihimok ang bawat paaralan na magsimula na sa pagsasanay ng mga kalahok at ang mga koordineytor sa Filipino ay inaasahang mamumuno sa pang munisipal na patimpalak sa gabay ng tagamasid pampurok at ng mga prinsipal ng paaralan, sekundarya at elementarya. Ang ulat hinggil sa pang munisipal na patimpalak ay isusumite kay Dr. Ma. Gina M. Templonuevo, EPS I, Filipino sa Agosto 23, 2017. Ito ang basehan ng mga opisyal na kalahok para sa pandibisyong patimpalak.

Para sa malawakang pagpapabatid.


SOCORRO V. DELA ROSA, CESO VI
Tagapamanihala



REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
Department of Education
 REGION V

REGIONAL CENTER SITE, RAWIS, LEGAZPI CITY
 Tel. (052) 482-0044 Fax (052) 482-0373
 www.depedregion5.nh.gov.ph



JUL 17 2017

Hulyo 7, 2017

MEMORANDUM PANREHIYON
 Blg. 56, s. 2017

RELEASED BY: *[Signature]*

**PANREHIYONG PATIMPALAK SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG
 WIKANG PAMBANSA 2017**

Sa mga: Tagapamanihala ng mga Paaralan
 Pandibisyong Tagamasid/Koordineytor sa Filipino
 Pinuno ng mga Paaralan

008415

1. Alinsunod sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 58, s. 2017 na nagtatakda ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa sa taong ito, ang DepEd Rehiyon V ay magsasagawa ng PANREHIYONG PATIMPALAK SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA na magtatampok ng Tagisan ng Talento at Ulingang Guro sa Filipino sa antas elementarya at sekundarya sa Agosto 28, 2017. Ipapabatid na lamang ang lugar.
2. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay *Filipino: Wikang Mapagbago*. Layunin ng pagdiriwang na:
 - a. malinang ang kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino;
 - b. mapaulad ng mga guro ang angking husay at dedikasyon sa pagtuturo ng asignaturang Filipino at
 - c. maganyak ang mga guro at mga mag-aaral na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong paglahok sa mga gawain kaugnay ng pagdiriwang ng Buwan ng wika.
3. Ang pagdiriwang ay dadaluhan ng mga panrehiyong tagamasid, pandibisyong tagamasid/koordineytor sa Filipino, mga opisyal ng samahan ng mga guro at mag-aaral sa Filipino, mga gurong kalahok sa Ulingang Guro sa Filipino at mga mag-aaral na kalahok sa Tagisan ng Talento sa antas elementarya at sekundarya.
4. Dahil ang Agosto 28 ay natapat na Holiday (Araw ng mga Bayani) ang partisipasyon ng mga gurong-kalahok ay pagkakalooban ng *Service Credits* alinsunod sa *DepEd Order Blg. 53 s. 2003* at *Compensatory Overtime Credits (COC)* ang mga tagamasid, koordineytor at mga support staff ng DepEd Rehiyon V alinsunod sa *paragraph 53 letter of joint circular no.2 of the Civil Service Commission and the Department of Budget and Management dated October 4, 2004*.
5. Ang pamasaha at iba pang gugulin ng mga kalahok na may kaugnayan sa pagdiriwang ay manggagaling sa pondong local/MOOE o iba pang pondo na sasailalim sa kinagawiang pagsusuma at pagsusuri.
6. Kalakip nito ang Palatuntunan at Panuntunan ng mga Gawain.
7. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapabatid ng Memorandum na ito.

[Signature]
RAMON HIEL G. ABCEDE
 Panrehiyong Direktor

Kalakip: Gaya ng nassessad
 Sanguian: Memorandum Pangkagawaran Blg. 58, s. 2017
 Halagay sa Palaging Talatuntunan
 Sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

PALIGSAHAN GURO
 FILIPINO MAG-AARAL
 KURIKULUM

5. Ang Pamantayan ay:

Katapatan ng piyesa (malaman, kawili-wili, nagpapayaman ng isipan)	40%
Hikayat (kakanyahang pantanghalan, ekspresyon, kilos/galaw)	30%
Tinig (lakas, taginting, angkop sa damdamin)	20%
Bigkas (wasto, malinaw, angkop sa diwa)	10%
 Kabuuan	 100%

III. Pagsulat ng Dagli (KISLAP-Kuwentong Isang Iglap)

1. Ang kalahok ay narapat na mag-aaral sa Baitang 11 na nanguna sa pansangay na paligsahan.
2. Ang tema ng susulating Dagli ay ibibigay sa arwa ng paligsahan.
3. Ang pagsulat ay sa loob lamang ng isang oras.
4. Ang pagsulat ng dagli ay hindi kukulangin ng 100 salita at hindi hihigit ng 150 salita ngunit buo ang kuwento, may simula, tunggalian, kasukdulan at katapusang hindi malilimutan.
5. Ang kasuotan ng kalahok ay pampaaralang uniporme.
6. Ang pamantayan ay:

a. Orihinalidad (40%)

b. Organisasyon (35%)

- Kasasalaminan ng kulturang/pagpapahalagang Pilipino
- May kawili-wiling panimula, gitna at pangwakas na bahagi
- May kaakibat malikhaing estilo ng pagsulat
- May kaangkupan sa tema, edad at interes ng target na mambabasa

c. Mekaniks (25%)

- Gumamit ng wastong bantas
- Gumamit ng wasto at angkop na salita
- Gumamit ng mga wastong tayutay, pahiwatig, simbolismo at iba pang elemento ng isang malikhaing akda

	Pagpapakilala sa Panauhing Tagapagsalita	Nora J. Laguda EPS, Filipino
	Mensahe	Abdon M. Balde Jr. Komisyoner, Wikang Bicol
	Paggawad ng Sertipiko sa mga Nagwagi sa Patimpalak	
	Pangwakas na Bilang	Albay
	<i>Jerickson Getizo (iriga) & Gladys Jovellana (Albay)</i> Guro ng Palatuntunan	

Panuntunan sa Tagisan ng Talento

I. Masining na Pagkukwento

1. Ang kalahok ay nararapat na mag-aaral sa Baitang 4 na nanguna sa pansangay na paligsahan.
2. Ang masining na pagkukwento ay sa loob lamang ng 3- 5 minuto.
3. Ang kwento ay hango sa mga aklat ng kwentong pambata
4. Ang kasuotan ng kalahok ay pampaaralang uniporme; walang anumang props sa entablado at tanging ang piyesa lamang ang hawak.
5. Ang pamantayan ay:

Pagpili ng Kwento	10%
Pagsasalita	25%
Uri ng tinig (10%)	
Tono/Bigkas/Diin/Hinto (15%)	
Pagbibigaya kahulugan/Interpretasyon At Paraan ng pagkukuwento-interaktibong pagkukuwento (casual, relaxed, conversational)	50%
Personalidad/Kakayahan sa Pagkukwento	15%
Kabuuan	100%

II. MONOLOGO

1. Ang pagmonologo ay pagbibigkas at pagsasabuhay ng isang karakter, sinasabi ang kanyang nadarama at mas marami ang dayalogo kaysa paggalaw; dapat saulado ang piyesa at may background music.
2. Ang kalahok ay nararapat na mag-aaral sa Baitang 9 na naguna sa pansangay na paligsahan.
3. Ang piyesa ay isang katauhan lamang ng buhay ng isang Bayaning Pilipino. (Ito ay bilang pagpapahalaga sa pagdiriwang ng Araw ng mga Bayani)
4. Ang kasuotan at anyo ng kalahok ay maaring iayon sa napiling karakter; walang anumang props na bitbit ang kalahok o anumang gamit/bagay na ilalagay sa entablado.